
## T9 Pagkatapos inumin ang gamot?

Magpasuri sa pamamagitan ng X-ray ng dibdib upang matiyak kung sumulong ang TB o hindi pagkatapos na pagkatapos ng 6 buwan ng pag-inom ng gamot, at pagkalipas ng 6 buwan, pagkalipas ng 1 taon, pagkalipas ng isa' t kalahating taon at pagkalipas ng 2 taon.
Magpatingin kaagad kung magkaroon ng ubo, plema, sakit ng dibdib, lagnat o iba pang sintomas.

Kahit habang umiinom ng gamot o natapos na ang pag-inom ng gamot, magpatingin kung matagal na may ubo o plema, sakit ng dibdib, lagnat o iba pang sintomas, sabihin sa doktor ang naging karanasan at kusang magpasuri ng X-ray ng dibdib.




Namamahalang pampublikong tagapag-alaga ng kalusugan

____________________________________

この冊子は 1600 部作成し、1 冊あたりの単価は 617 円です。

（タガログ語）

# Paggamot sa di-aktibong nakahahawang sakit na TB

# T at S

Tanong at Sagot

大阪府

# Iwasan ang pagsulong ng sakit na tuberculosis!

Ayon sa pagsusuri ng reaksyon sa *tuberculin* at pagsusuring QFT upang matiyak kung nahawa ng tuberculosis (TB)

Ang resulta ng pagsusuri ni (                                        ) ay

| | Pagsusuri ng reaksyon sa *tuberculin* | Pagsusuring QFT | Pagsusuri ng X-ray ng dibdib |
|---|---|---|---|
| Petsa ng Pagsusuri | Taon Buwan Araw | Taon Buwan Araw | Taon Buwan Araw |
| Resulta | | | Walang diperensya |

Mula sa resultang ito, kinakailangan mo ng maagap na pag-inom ng gamot

## T1 Ano ang paggamot sa di-aktibong nakahahawang sakit na TB?

Ito ang pag-inom ng gamot upang maiwasan ang pagsulong ng sakit kapag mataas ang panganib ng pagsulong ng sakit matapos mahawa sa TB. Sa madaling salita, iinom ng gamot para maagapan ang pagsulong ng sakit na TB (maagap na pag-inom ng gamot).

## T2 Paano malalaman kung nahawa?

Sinasabing nahawa sa TB kapag nakapasok sa loob ng katawan ang bakterya ng TB na *tubercle bacillus*. Inaalam kung nahawa sa pagsusuri ng reaksyon sa tuberculin at pagsusuring QFT.

## T3 Ano ang pagkakaiba ng pagkahawa at pagsulong ng sakit?

Kahit makapasok sa katawan ang bakterya ng TB, kung malakas ang resistensya ng katawan, masusugpo ang bakterya ng TB. Ngunit hindi nito ibig sabihing namatay ang bakterya ng TB, kundi natutulog (di-aktibo) lang ito sa loob ng katawan, at kapag bumaba o humina ang resistensya ng katawan, magsisimula itong maging aktibo at iyon ang "pagsulong ng sakit" na TB.

Kadalasan sa loob ng 2 taon mula ng pagkahawa ang pagsulong ng sakit at madalang na pagkatapos nito, ngunit habang buhay mayroong posibilidad ng pagsulong ng sakit.

## T4 Ano ang gagawin sa maagap na pag-inom ng gamot?

Patuloy na iinom araw-araw sa loob ng 6 buwan ng gamot na tinatawag na isoniazid (INH).

Gamot na unti-unting pupuksa sa bakterya ng TB sa loob ng katawan ang isoniazid (INH).


Karaniwang iniinom ang gamot nang 1 beses sa 1 araw at mahalagang hindi kalimutan at ipagpatuloy ang pag-inom nang regular araw-araw sa loob ng 6 buwan.

## T5 Gaano ang bisa ng maagap na pag-inom ng gamot?

Ukol sa bisa ng maagap na pag-inom ng gamot, kung ihahambing sa hindi paggamit ng gamot, maaaring masugpo ang pagsulong ng TB nang mga 70% at sinasabing patuloy ang epektong ito nang 10 taon o higit pa kapag tiyak na uminom ng gamot araw-araw sa loob ng 6 buwan.

Kung hindi regular ang pag-inom tulad ng minsan umiinom ngunit minsan hindi umiinom ng gamot, o kung hindi uminom sa kinakailangang panahon, babagsak ang bisa ng maagap na pag-inom ng gamot at tataas ang panganib ng pagsulong ng sakit na TB.

Huwag kalimutan ang gamot, siguraduhin ang pag-inom nito. Mahalaga ito para sa iyong katawan.




## T6 Ano ang dapat pag-ingatan sa panahon ng maagap na pag-inom ng gamot?

Walang anumang limitasyon sa inyong pamumuhay.

Walang anumang hadlang sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay, trabaho, pag-aaral at maaaring mamuhay nang tulad ng sa kasalukuyan.

## T7 Wala bang problema ng side effect/s?

Matagal nang ginagamit sa buong mundo para sa pag-iwas at paggamot ng TB ang isoniazid (INH), at kaunti ang side effects nito.

Ngunit, mayroong madalang na kaso ng paghina ng atay, pagkamanhid ng dulo ng daliri, pagkawalan ng ganang kumain, eksema at iba pa. Makipagkonsulta sa inyong doktor sa ganitong pagkakataon.

## T8 Paano ang gastusin?

★Maaaring pakinabangan ang sistema ng pagpapapasan sa pampublikong gastos ng gastusin para sa pagpapapagamot ng TB, kaya't maliit lang ang sariling pasanin.

Ukol sa paraan ng pag-apply, magsama ng X-ray film ng dibdib sa application form para sa pagpapapasan sa pampublikong gastos ng gastusin para sa pagpapapagamot ng TB (ipasulat sa inyong doktor) sa pampublikong sentro ng kalusugan na sumasakop sa inyong tirahan.